

Modyul 18

Saya at Lungkot ng Aking Buhay










Tungkol saan ang modyul na ito?

Magandang araw mahal kong estudyante. Pinupuri kita dahil maluwalhati mong natapos ang pag-aaral sa naunang dalawang modyul tungkol sa Florante at Laura. Ngayon ay pupunta ka na sa ikatlong bahagi nito.

Pag-aaralan mo sa modul na ito ang ilang pangyayari sa buhay ni Florante at ang mga kaisipang nakapaloob sa mga ito,

Nahahati ang buong kwento sa pitong pinaikling kwento. Narito ang mga pamagat ng pitong kwento:

-  Ang Pag-aaral sa Atenas
-  Nabistong Pagkukunwari
-  Ang Pagkamatay ni Ina
-  Ang mga Tagubilin ng Maestro
-  Nasa Panganib ang Bayang Krotona
-  Ang Kagandahan ni Laura
-  Ang Pabaon ni Laura



Ano ang matututunan mo?

Narito ang mga kasanayang inaasahang matatamo sa modyul:

1. naibibigay ang punong kaisipan sa tulong ng pamagat
2. nakapag-uuri-uri ng mga kaisipang inilahad sa akda kung ito'y pampamilya, panlipunan, pampamahalaan, o pansimbahan
3. nasusuri ang paraan ng pagsasalaysay na ginamit ng may-akda

O, ano sa tingin mo? Mahirap ba? Hindi mahirap iyan. Kayang-kaya mo iyan basta't susundan mo lamang nang maayos ang bawat bahagi ng modyul.



Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Narito ang mga tuntuning dapat mong sundin sa paggamit ng modyul:

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot sa mga pagsusulit.
2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang *Panimulang Pagsusulit*. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.
3. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto, ha? Huwag kang mag-aalala kung mababa ang markang nakuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.
4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.
5. Sagutin mo agad ang *Pangwakas na Pagsusulit* upang matiyak mo kung natutunan mo ang aralin, kunin mong muli ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.
6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.

Sige, magsimula ka na!



Ano na ba ang alam mo?

Narito ang ilang tanong para mataya kung ano na ang alam mo sa modyul na ito.

Tandaan: Hindi mo susulatan ang modyul na ito. Isusulat mo ang sagot sa sagutang papel.

- A. Basahin ang bawat saknong at piliin ang kaisipang angkop dito. Makatutulong ang pamagat sa pagpili ng angkop na kaisipan. Letra lamang ng tamang sagot ang isusulat mo sa sagutang papel.

1. Pamagat: Ang Pag-aaral sa Atenas

215 “Araw ay natakbo at ang aking kabataan
sa pag-aaral ko sa aki’y nananaw,
bait ko’y luminis at sa karunungan,
ang hubad kong isip ay kusang dinamtan.”

- Ang talino ay hinuhubog ng pag-aaral.
- Maaring tumalino kahit hindi nag-aaral.
- Hindi mahalaga sa buhay ang pag-aaral.

2. Pamagat: Nabistong Pagkukunwari

220 “Dito na nahubdan ang kababayan ko
ng hiram na bait na binalatkayo
kahinhinang asal na pakitang-tao
nakilalang hindi bukal kay Adolfo.”

- Pwedeng magkunwari basta’t hindi nabibisto.
- Ang pagkukunwari’y kailangan para dumami ang kaibigan.
- Malalaman ang pagkukunwari dahil ito’y pakitang-tao lamang.

3. Pamagat: Ang Pagkamatay ni Ina

239 “Sa panahong yao’y ang buo kong damdam
ay nanaw sa akin ang sandaigdigan;
nag-iisa ako sa gitna ng lumbay
ang kinakabaka’y sarili kong buhay.”

- Malungkot ang buhay kapag malayo ang kasintahan.
- Kapag namatay ang ina, kalugkutan ang nararamdaman.
- Iwasang malungkot kapag may namatay.

4. Pamagat: Ang Tagubilin ng Maestro

246 “Kung ang isalubong sa iyong pagdating,
ay masayang mukha’t may pakitang giliw,
lalong pag-ingata’t kaaway na lihim,
siyang isaisip na kakabakahin.”

- a. Dapat pag-ingatan ang pakitang giliw ng kaaway.
- b. Huwag na lang pansinin ang pakitang giliw ng kaaway.
- c. Magulo ang buhay kapag may kaaway.

5. Pamagat: Nasa Panganib ang Bayang Krotona

271 “Iyong kautangang paroong mag-adya,
nuno mo ang hari sa bayang Krotona
dugo kang mataas at dapat kumita
ng sariling dangal at bunyi sa gera.”

- a. Dapat ay sariling tauhan ang makipaglaban sa mga kaaway.
- b. Kaharian ng ninuno’y dapat tulungan kung nasa kamay ng mga kaaway.
- c. Nakatutulong sa kaharian ang pananakop ng kaaway.

6. Pamagat: Ang Kagandahan ni Laura

278 “Sa kaligayaha’y ang nakakaayos-
bulaklak na bagong winahi ng hamog;
anupa’t sinumang palaring manood,
patay o himala kung hindi umirog.”

- a. Maraming nanliligaw kay Laura dahil sa kanyang kagandahan.
- b. Isang himala kung kay Laura’y may hahanga.
- c. Sinuma’y maaakit sa kagandahan ni Laura.

7. Pamagat: Ang Pabaon ni Laura

295 “Ngunit kung ang oo’y di man binitiwang,
naliwanagan din sintang nadirimlan,,
at sa pagpanaw ko ay pinabaunan
ng may hiyang perlas na sa mata’y nukal.”

- a. Wala pa sa puso’t isip ni Laura ang pag-ibig.
- b. Ang baon ay mahalaga kung pupunta sa malayo.
- c. Ang pabaong luha ng dalaga ay tanda ng pagmamahal.

B. Narito ang ilang piling kaisipan buhat sa akda. Tukuyin kung ang bawat isa ay:
(a)pampamilya, (b) panlipunan, (c) pampamahalaan.

1. Kapag maganda ang pagpapalaki ng ama,
lumalaki ring matino ang anak niya.
2. Ang gurong mabait at marunong,
sa mga estudyante ay handang tumulong.
3. Pagkukunwari'y nabibisto,
pagkat ito'y pakitang tao.
4. Nagbubunga ng masama,
ang inggit sa kapwa.
5. Hatid ay kalungkutan,
kapag ang ina ay pumanaw.
6. Tapat ang pakikiramay,
sa estudyanteng may mabuting asal.
7. Dapat pag-ingatan,
ang pakitang giliw ng kaaway.
8. Sa kalaban ay huwag ipahalata,
Ang lihim na paghahanda.
9. Mabuting ugali'y kinalulugdan,
ng guro at mga kamag-aral.
10. Nang makita ang kanyang ama,
pagkamatay ng ina'y naalala.
11. Kaharian ng ninuno'y dapat tulungan
kung nasa kamay ng mga kaaway.
12. Balita'y bihirang magkatotoo
pagkat madalas ay may dagdag ito.
13. Sa panaginip ni Haring Linceo,
si Florante ang mamumuno sa kanyang reyno.
14. Sinuman ay mahahalina,
sa kagandahang taglay ni Laura.
15. Ang pabaong luha ng dalaga,
ay tanda ng pagsinta.

C. Isulat sa sagutang papel ang tamang salita sa patlang. Piliin at isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot sa bawat bilang.

1. Sa isang dayalog, ang bilang ng tauhang nag-uusap ay _____
a.) isa, b.) dalawa o c.) higit pa, d.) wala
2. Para ipakita ang eksaktong sinabi ng nagsasalita, gumagamit ng _____
a.) “ ” b.) ! c.) ?
3. Ang dayalog ay nakatutulong upang _____
a.) makapagpahinga ang may-akda, b.) humaba ang kuwento, c.) sumigla ang pagsulong ng mga pangyayari).
4. Sa isang monolog, ang bilang ng tauhang nagsasalita ay _____
a.) isa, b.) dalawa, c.) tatlo.
5. Ang monolog ay pananalitang _____ a.) maiki, b.) mahaba, c.) matagal.
6. May pamamaraan ng monolog na ang tauhan ay _____
a.) ayaw magsalita, b.) nagsasalita sa kanyang sarili, c.) nakikinig sa kausap.
7. May pamamaraan ng monolog na ang tauhan ay _____
a.) nagsasalita sa isa o higit pang tauhan.
b.) nakininig sa isa o higit pang tauhan.
c.) ayaw magsalita sa isa o higit pang tauhan.
8. Sa tuwirang pagsasalaysay ng may-akda, tuwiran niyang _____
a.) pinakikinggan, b.) ikinukwento, c.) pinanunood, ang mga pangyayari.

Kung tapos ka na, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

Alam kong marami ka pang dapat malaman kaya sige, simulan mo na ang pag-aaral.



Mga Gawain sa Pagkatuto

Sub-Aralin 1:

Pagsusuri sa mga Kaisipan

Layunin:

Pagkatapos mo ng sub-araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. nakapagbibigay ng mga kaisipan sa tulong ng pamagat.
2. nakapag-uuri-uri ng mga kaisipang inilahad sa akda.

Alamin

Para tuluy-tuloy mong masundan ang kwento, narito ang karugtong ng mga nabasa mo sa naunang dalawang modyul.

Nahahati ang buong kwento sa pitong sub-kwento. Mapapansin mong ang bawat sub-kwento ay may kasamang pamagat.

Bakit sa palagay mo mahalagang isama ang pamagat? Ang pamagat ay nakatutulong para maunawaan ang kwento, di ba? Malaki kasi ang pag-uugnayan ng pamagat at ng nilalaman ng akda.

O ngayon, ipagpatuloy mo na ang pagbasa sa mga sub-kwento.

Ang Pag-aaral sa Atenas

Labing-isang taong gulang si Florante nang pumunta sa Atenas para mag-aral. Alam mo ba kung sino ang isa sa kanyang mga naging kaeskwela? Sige nga, alamin mo sa mga sagnong na ito.

205 “Pag-aaral sa akin ay ipinatungkol
ng isang mabait mastrong marunong,
lahi ni Pitano ngala’y si Antenor,
lumbay ko’y sabihin nang dumating doon.”

207 “Sa dinatnan doong madlang mag-aaral
kaparis kong bata’t kabaguntauhan,
isa’y si Adolfong aking kababayan,

anak niyong Konde Silenong marangal.”

Sino ang kanyang naging guro? Tama, si Antenor nga. Sino naman ang isa sa kanyang naging kaeskwela? Kung ang sagot mo’y si Adolfo, tama ulit ang sagot mo.

Bilang estudyante, ito palang si Adolfo ay nagpapakita ng kabaitan. Sa palagay mo kaya, alam ni Florante na nagkukunwari lamang si Adolfo? Magpatuloy ka sa pagbasa.

209 “Mahinhin ang asal na hindi magaso
at kung lumakad pa’y palaging patungo,
mabining mangusap at walang katalo,
lapastanganin ma’y hindi nabubuyo.

210 “Anupa’t sa bait ay siyang huwaran
ng nagkakatipong nagsisipag-aral,
sa gawa at wika’y di mahuhulihan
ng munting panira sa magandang asal.

211 “Ni ang katalasan ng aming maestro
at pagkabihasa sa lakad ng mundo,
ay hindi matarok ang lalim at tungo,
ng pusong malihim nitong si Adolfo.

Alam pala ni Florante ang lihim na pagkatao ni Adolfo. Hindi naman imposibleng malaman ni Florante ang tunay na ugali ni Adolfo sapagkat sila’y magkababayan.

Habang lumilipas ang mga araw, malaking tulong ang nagagawa ng kanyang talino at magandang asal. Sa anim na taon niyang pag-aaral ay marami siyang natutuhan.

215 “Araw ay natakbo at ang kabataan
sa pag-aaral ko sa aki’y nananaw,
bait ko’y luminis at sa karunungan,
ang hubad kong isip ay kusang dinamtan.

216 “Natarok ang lalim ng pilosopiya,
aking natutuhan ang astrolohiya,
natantong malinis ang kataka-taka
at mayamang dunong g matematika.”

219 “Kaya nga nang ako ang naging hantungan
tungo sa salita ng tao sa bayan,
mulang bata’t hanggang katanda-tandaan,
ay nakatalastas ng aking pangalan.”

Nabasa mo na ba na nag-aral siya ng pilosopiya, astrolohiya at matematika. At alam mo bang siya ang naging pinakamatalino sa klase? Dahil dito, siya ay naging popular.

Heto ang karugtong ng kwento. Ano kaya ang mangyayari kay Adolfo? Mabibisto kaya ang pagkukunwari niya? Oo ba ang sagot mo? Basahin mo ang mga saknong sa ibaba at malalaman mo kung tama ka.

Nabistong Pagkukunwari

- 220** “Dito na nahubdan ang kababayan ko ng hiram niyang bait na binalatkayo kahinhinang asal na pakitang-tao nakilalang hindi bukal kay Adolfo.
- 221** “Natanto ng lahat na kaya nanamit, niyong kabaitang di taglay sa dibdib ay nang maragdag pa sa talas ng isip itong kapurihang mahinhi’t mabait.”

Tama ang sagot mo. Nabisto nga ang pagkukunwari ni Adolfo. Alam mo ba kung paano nabisto si Adolfo? Dahil sa matinding inggit niya ay tinangka niyang patayin si Florante.

Ganito ang buong pangyayari. Sa pagtatanghal ng isang dula, gumaganap si Florante bilang Etyokles at si Adolfo’y gumaganap naman bilang Polinese. Dito’y tinangkang totohahang patayin ni Adolfo si Florante. Narito agn mga saknong na nagpapakita ng mga pangyayari:

- 227** “Nanlisik ang mata’t ang ipinagsaysay ay hindi ang ditsong nasa orihinal, kundi ang winika’y ikaw ang umagaw ng kapurihan ko’t dapat kang mamatay!”
- 228** “Hinandulong ako, sabay nitong wika, ng patalim niyang pamatay na handa, dangan nakaiwas ako’y nabulagta, sa tatlong maring binitawang taga.”

Sino ang nagligtas kay Florante?

Mabuti na lamang at nailigtas siya ni Menandro ano? Dahil sa pangyayari, umalis kinabukasan si Adolfo para umuwi na sa Albanya. Kaya hindi mabuti ang maging mainggitin, di ba? Ayon nga sa isang kasabihan, nagbubunga ng masama ang inggit sa kapwa.

Isang taon pang nanatili si Florante sa Atenas. Isang araw ay tumanggap siya ng sulat galing sa ama. Ayon sa sulat, namatay raw ang kanyang ina. Ano sa palagay mo ang naramdaman ni Florante? Tama, sobrang kalungkutan ang naramdaman niya. Tapat namang nakiramay ang kanyang guro at mga kaeskwela. Ganun naman talaga, di ba? Tapat ang pakikiramay sa estudyanteng may mabuting asal.

Basahin mo ang mga saknong sa ibaba.

Ramdam mo ba kung gaano kalungkot si Florante sa pagkamatay ng kanyang ina?

Ang Pagkamatay ni Ina

238 “Nang mahimasma’y narito ang sakit
dalawa kong mata’y naging puro batis,
at ang ay, ay ina’y kung kaya napatid
ay nakalimutan ang paghingang gipit.

239 “Sa panahong yao’y ang buo kong damdam
ay nanaw sa akin ang sandaigdigan
nag-iisa ako sa gitna ng lumbay,
ang kinakabaka’y sarili kong buhay.”

Ipagpatuloy mo ang pagbasa para masundan ang takbo ng mga pangyayari sa buhay ni Florante.

Pagkalipas ng dalawang buwan ay nakatanggap si Florante ng ikalawang sulat galing sa kanyang Ama. May kasama pang sasakyan pagkat sinusundo na pala siya para umuwi sa Albanya. Bago umuwi ay binigyan siya ng mga tagubilin ng kanyang maestro.

Ang Tagubilin ng Maestro

245 “Huwag malilingat at pag-ingatan mo
ang higating handa ng Konde Adolfo,
pailag-ilagang parang basilisko,
sukat na ang titig na mata’y sa iyo.





246 “Kung ang isalubong sa iyong pagdating
ay masayang mukha’t may pakitang giliw,
lalong pag-ingata’t kaaway na lihim,
siyang isaisip na kakabakahin.

247 “Datapwa’t huwag kang magpapahalata
tarok mo ang lihim ng kaniyang nasa,
ang sasandatahi’y lihim na ihanda,

nang may ipagtanggol sa araw ng digma.”

248 “Sa winikang ito luha’y bumalisbis
at ako’y niyakap na pinakahigpit,
huling tagubilin, bunso’y katitiis
at hinihintay ka ng maraming sakit.”

Ano ang tagubilin ng maestro kay Florante? Kung kapareho ng mga sumusunod ang sagot mo, tama ang nalaman mo.

-  Pag-ingatan ang paghihiganti ng kaaway.
-  Pag-ingatan ang pakitang giliw ng kaaway.
-  Sa kalaba’y huwag ipahalata ang lihim na paghahanda.
-  Magtiis sa darating pang mga problema sa buhay.

Dahil pauwi na nga si Florante as Albanya, labis na nalungkot si Menandro, ang kanyang kaibigan, at ang mga kamag-aral. Dahil sa labis na kalungkutan ni Menandro, pinayagan siya ng kanyang amaing maestro na sumama kay Florante.

Nang dumating sina Florante sa Albanya ay nagkita sila ng kanyang amang si Duke Briseo. Alam mo ba ang nangyari kay Florante? Napaiyak siya. Bakit? Subukin mong alamin sa mga sagnong sa ibaba.

Nasa Panganib ang Bayang Krotona

255 “Pag-ahon ko’y agad nagtuloy sa kinta,
di humihiwalay ang katotong sinta,
paghalik sa kamay ng poon kong ama,
lumala ang sakit ng dahil kay ina.

256 “Nagdurugong muli ang sugat ng puso
humigit sa una agn dusang bumugso,
nawikang kasunod ng luhang tumulo
‘ay ama! Kasabay ang bating ‘ay bunso!”

Nakuha mo ba ang dahilan ng pag-iyak ni Florante? Muli kasing nanariwa ang kalungkutang dala ng pagkamatay ng kanyang ina, di ba?

Nang oras ding iyon ay may dumating namang sugo ni Haring Linseo. May dala itong sulat galing naman sa Hari ng Krotona. Ang kaharian daw ng Krotona ay nasa panganib pagkat nilusob ni

Heneral Osmalik ng Persiya. Pangalawa ang Heneral na ito sa bantog na si Prinsipe Aladin. Malaki ang paghanga ni Florante kay Aladin pagkat balitang kilabot ito sa buong mundo.

Sang-ayon kaya si Aladin sa balitang ito? Narito ang sinabi niya kay Florante.

261 “Dito’y napangiti ang Morong kausap,
sa nagsasalita’y tumungong banayad,
aniya’y “bihirang balita’y magtapat
kung magtotoo ma’y marami ang dagdag.”

Hindi pala lubusang inaayunan ni Aladin ang sinabi ni Florante. Sa isang banda, tama si Aladin, di ba? Madalas nga namang ang mga balita ay maraming dagdag.

Nagpunta sa palasyo ang mag-ama at hinirang ng Haring Linseo si Florante na mamuno sa hukbong tutungo sa Krotona. Naniniwala ang hari na si Florante ang karapat-dapat mamuno. Narito ang mga dahilan.

- sa panaginip ni Haring Linseo, pagdating ng panahon ay si Florante ang mamumuno ng kanyang kaharian
- ninuno ni Florante ang Hari ng Krotona kaya marapat na ito’y kanyang tulongan.

Pinatotohanan ito ng mga saknong 267 at 271.

267 “Ang wika’y O Duke! Ang kiyas na ito,
ang siyang kamukha ng bunying gerero,
aking napangarap na sabi sa iyo,
magiging haligi ng setro ko’t reyno.”

271 “Iyong kautangang paroong mag-adya,
nuno mo ang hari sa bayang Krotona
dugo kang mataas at dapat kumita
ng sariling dangal at bunyi sa gera.”

Nakilala ni Florante si Laura, ang magandang anak ni Haring Linseo. Sa kagandahan ay kaagaw niya si Venus. Aba! Kung kaagaw niya sa kagandahan si Venus, e, talagang maganda siya, di ba?

Narito pa ang ilang paglalarawan sa kagandahan ni Laura. Makikita ito sa mga sumusunod na saknong.

Ang Kagandahan ni Laura

- 277 “Liwanag ng mukha’y walang pinag-ibhan kay Pebo kung anyong bagong sumisilang, katawang butihin ay timbang na timbang at mistulang ayon sa hinhin ang asal.
- 278 “Sa kaligayaha’y ang nagkakaayos-bulaklak na bagong winahi ng hamog; anupa’t sinumang palarang manood, patay o himala kung hindi umirog.”

Saan inihambing ang mukha ni Laura?

Napansin mo bang inihahambing ang mukha ni Laura sa bago pa lamang sumisikat na araw? Inihahambing din siya sa isang bulaklak na sinumang binata’y maaalit. Ganyan kaganda si Laura, di ba?

Ilang araw ding hindi nagkausap sina Florante at Laura. Isang araw bago pumuntang Krotona si Florante, ay nakausap din niya ang dalaga. Nagtapat siya ng pag-ibig kay Laura. Ano sa palagay mo ang naging sagot ni Laura? Tinanggap kaya niya ang pag-ibig ng binata? Alamin mo nga sa saknong na ito.

Ang Pabaon ni Laura

- 294 “Ang pusong matibay ng himalang dikit nahambal sa aking nalumbay na hibik, dangan ang kaniyang katutubong bait ay humadlang, disin sinta ko’y nabihis.
- 295 “Ngunit kung ang oo’y di man binitiwang, naliwanagan din sintang nadirimlan, at sa pagpanaw ko ay pinabaunan ng may hiyang perlas na sa mata’y nukal.”

Siguro’y napansin mong hindi pala sumagot ng oo si Laura. Sa halip ay pinabaunan niya ng luha si Florante.

Ang pagluha kaya ni Laura ay tanda ng pag-ibig niya sa binata? Kung oo ang sagot mo, tama iyan. Sa ikinilos ng dalaga ay mababakas ang pagmamahal niya kay Florante.

Linangin

Ngayo'y nalaman mo na ang ilang makukulay na pangyayari sa buhay ni Florante mula nang siya'y mag-aral sa Atenas hanggang sa panahon ng pagpunta niya sa Krotona. Alam mo bang sa mga pangyayari sa buhay ni Florante ay marami kang mapupulot na magagandang kaisipan? Maibibigay mo kaya ang mga kaisipang ito?

Huwag kang mag-alala. Hindi naman ganoon kahirap hanapin at intindihin ang mga kaisipan sa bawat sub-kwento. Alam mo ba kung bakit? Nakatutulong nang malaki ang pag-uugnayan ng pamagat at ng kaisipan.

Naaalala mo pa ba ang pamagat ng unang sub-kwento? Ang Pag-aaral sa Atenas, di ba? Sa kwentong ito ay sinasabing malaking tulong ang nagawa ng kanyang pag-aaral sa Atenas. Sa saknong 215 ay binabanggit na siya'y tumalino at nagkaroon ng magandang asal.

Kung gayon, isang magandang kaisipan ang ibinibigay ng saknong na ito: Ang talino at asal ay hinuhubog ng pag-aaral. Napakagandang kaisipan, di ba? Angkop na maging patnubay ng mga kabataan.

Pansinin mo naman ngayon ang ikalawang sub-kwento. Ano ba ang pamagat nito? Tama, Nabistong Pagkukunwari.

Ayon sa saknong 220, sino ang nagkukunwaring mabait? Tama, si Adolfo nga. Ang pagiging mabait niya ay pakitang-tao lamang. Anong kaisipan ang ibinibigay ng saknong? Tama ang kaisipang ito: "Pagkukunwari'y mabibisto pagkat ito'y pakitang-tao." Tamang-tama, di ba?

Ang ikatlong sub-kwento naman ay may pamagat na Ang Pagkamatay ni Ina. Ano nga ang naramdaman ni Florante nang mamatay ang kanyang ina? Sobrang kalungkutan ang kanyang naramdaman, di ba? Naaalala mo pa ba kung saang saknong inilalarawan ang kalungkutan ito ni Florante? Pwede mong balikan at muling basahin. Ngayon, anong kaisipan ang inihahatid nito? Ganito ba ang nasa isip mo? Hatid ay kalungkutan kapag ina ay pumanaw? Kung oo ang sagot mo, tama ang nasa isip mo.

Ang ikaapat na sub-kwento naman ngayon ang iyong bigyang pansin. Batay sa pamagat na Ang Mga Tagubilin ng Maestro, malalaman agad na pinayuhan ng guro si Florante. Isa sa mga tagubilin ng guro ay makikita sa saknong 246.

Batay sa saknong, ano kayang magandang kaisipan ang inihahatid nito? Kung ang sagot mo'y: Dapat pag-ingatan ang pakitang-giliw ng kaaway, tama ang iyong sagot.

Para sa ikalimang sub-kwento na may pamagat na Nasa Panganib ang Bayang Krotona, anong kaisipan kaya ang ibinibigay nito?

Natatandaan mo bang sa isang bahagi ng kwento ay sinabi ni Haring Linseo na ninuno ni Florante ang Hari ng Krotona? Dahil dito, marapat na ito'y kanyang tulungan. Kung ikaw rin ang

nasa kalagayan ni Florante, siguro’y tutulungan mo rin ang iyong ninuno o lolo para iligtas sa panganib, di ba?

Kaya ang angkop dito ay ang kaisipang: Kaharian ng ninuno’y dapat tulungan kung nasa kamay ng mga kaaway.

Natatandaan mo pa ba ang pamagat ng ikaanim na sub-kwento? Tama, Ang Kagandahan ni Laura.

Sa saknong 278 ay inihambing si Laura sa isang magandang bagay. Anong bagay ito? Tama, bulaklak.

Ano ang mangyayari kapag nakita ng sinuman ang kagandahan ng dalaga? Sinuman sa kanila ay mahahalina di ba?

Dahil sa sobrang ganda ni Laura, talagang angkop ang kaisipang ito: Sinuman ay mahahalina sa kagandahang taglay ni Laura.

Ang pamagat naman ng ikapitong sub-kwento ay Ang Pabaon ni Laura.

Natatandaan mo pa ba kung ano ang pabaon ni Laura kay Florante? Tama, luha nga ang kanyang pabaon.

Natatandaan mo pa rin ba kung saan papunta si Florante nang lumuha ang dalaga? Tama ka ulit, sa Krotona.

Ano ba ang kahulugan ng pagluha ni Laura? Mahal din niya si Florante, di ba?

Angkop bang kaisipan ng sub-kwentong ito ang: Ang pabaong luha ng dalaga ay tanda ng pagsinta? Talagang angkop na angkop!

Ang mga kaisipan ay maaring uriin sa mga sumusunod: pampamilya, panlipunan at pampamahalaan. Pampamilya kung may kaugnayan sa mga bagay na pangmag-anak. Panlipunan kung may kaugnayan sa mga interaksyon ng tao sa kanyang kapwa. Pampamahalaan kung may kinalaman sa pagpapalakad ng bansa, bayan, o lalawigan.

Narito ang ilang halimbawa ng kaisipang kinuha sa iba’t ibang sub-kwento. Natatandaan mo pa ba ang mga ito?

- Nang makita ang kanyang ama, pagkamatay ng ina’y naalala.
- Ang gurong mabait at marunong, sa estudyante’y handing tumulong.
- Nagbunga ng masama

ang inggit sa kapwa.

- Sa panaginip ni Haring Linseo, si Florante ang mamumusa kanyang reyno.

Ang unang halimbawa ay tumutukoy sa pangyayaring may kinalaman sa pamilya nina Florante. Kung gayon, anong uri ng kaisipan ito? Kung ang sagot mo’y pampamilya, tama ang sagot mo.

Ang ikalawa at ikatlong halimbawa ay tungkol sa ugnayan ng tao sa kapwa. Anong uri ng kaisipan ito? Ang sagot mo ba’y panlipunan? Kung oo, tama ulit ang sagot mo.

Ang ikaapat na halimbawa ay tungkol naman sa pamumuno ni Florante sa Albanya, ayon sa panaginip ng hari. Anong uri ito ng kaisipan? Pampamahalaan ba ang sagot mo? Kung oo, muli ay tama ang iyong sagot.

Mayroon pang isang uri ng kaisipan. Ito’y pansimbahan. Pansimbahan kung may kinalaman sa relihiyon o pananampalataya. Walang ganitong kaisipang makikita sa bahaging ito ng modyul. Pero bilang karagdagang kaalaman, binanggit na rin ito para magkaroon ka ng ideya kung ano ito. Ang isang halimbawa nito ay ang saknong 395 na nasa ikaapat na bahagi ng modyul. Ganito ang isinasaad ng saknong:

395 “Dinala sa reynong ipinagdiriwang
sampu ni Aladi’t ni Fleridang hirang
kapuwa tumanggap na mangabinyagan
magkakaisang sinta’y naraos na kasal.”

Anong kaisipang pansimbahan ang sa palagay mo’y inihatid ng saknong? Ganito ba ang nasa isip mo? Magkasintahang Moro, ngayo’y naging Kristiyano? Kung ganito, tama ang nasa isip mo.

Gamitin

1. Narito ang ilan pang saknong buhat sa iba’t ibang sub-kwento. Tingnan nga natin kung makukuha mo ang mga kaisipang nakapaloob dito.

212 “Aking pagkabata’y ang kinamulatan
kay ama’y ang bait na di paimbabaw,
yaong namumunga ng kaligayahan
nanakay sa pusong suyui’t igalang.”

245 “Huwag malilingat at pag-ingatan mo ang higanting handa ng Konde Adolfo pailag-ilagang parang basilisko, sukat na ang titig na mata’y sa iyo.”

270 “Patotohanan mong hindi ba at ikaw ang napangarap kong gererong matapang na maglalathala sa sansinukuban ng kapurihan ko at kapangyarihan.”

Sa saknong 212 ay binabanggit ni Florante na maganda ang pagpapalaking ginawa sa kanya ni Duke Briseo. Kung gayon, hindi kataka-takang lumaking matino ang anak, di ba?

Angkop sabihin ang ganitong kaisipan: Kapag maganda ang pagpapalaki ng ama, lumalaki ring matino ang anak niya.

Ganito rin ba ang nasa isip mo?

Sa saknong 245 naman ay pinapayuhan ng maestro si Florante. Kanino siya dapat na mag-ingat? Tama ka ulit, dahil baka maghiganti si Adolfo.

Anong kaisipan ang inihahahtid ng saknong? Pag-ingatan ang paghihiganti ng kaaway.

Ang saknong 270 ay halos kapareho ng saknong 267. Isinasaad ng saknong na si Florante ang matapang na gererong napanaginip ng hari. Sa pamamagitan ni Florante ay makikilala sa buong mundo ang kapurihan at kapangyarihan ni Haring Linseo.

Nakuha mo ba ang kaisipang hatid ng saknong? Batay sa saknong, Ang tulong ni Florante’y mahalaga, upang Haring Linseo’y lalong makilala.

2. Ngayon naman ay tukuyin mo kung anong uri ng kaisipan ang nakapaloob sa bawat saknong.

Ang kaisipan sa saknong 212 ay tungkol sa naging responsibilidad ng ama ni Florante na pagpapalaki ng anak. Anong uri ng kaisipan ito? Tama, pampamilya.

Ang saknong 245 naman ay tungkol sa magandang payo ng guro sa kanyang estudyante. Anong uri ng kaisipan naman ito? Tama ka ulit, panlipunan nga.

Ang saknong 270 ay naglalaman ng tungkol sa magiging kalagayan ng pamumuno ni Haring Linseo sa tulong ni Florante. Kung gayon, anong uri ito ng kaisipan? Tama naman ang sagot mo. Ito’y pampamahalaan. Pareho ba tayo ng sagot?

Lagumin

Narito ang mga kaisipang napag-aralan mo sa sub-araling ito. Tingnan mo nga kung naalala mo pa.

1. Mga Kaisipang Kaugnay ng Pamagat
 - a. Pamagat: Ang Pag-aaral sa Atenas
Kaisipan: Ang talino at asal ay hinihubog ng pag-aaral.
 - b. Pamagat: Nabistong Pagkukunwari
Kaisipan: Pagkukunwari’y mabibisto pagkat ito’y pakitang-tao.
 - c. Pamagat: Ang Pagkamatay ni Ina
Kaisipan: Hatid ay kalungkutan
Kapag ina ay pumanaw.
 - d. Pamagat: Ang mga Tagubilin ng Maestro
Kaisipan: Dapat pag-ingatan
Ang pakitang giliw ng kaaway.
 - e. Pamagat: Nasa Panganib ang Bayang Krotona
Kaisipan: Kaharian ng ninuno’y dapat tulungan
Kung nasa kamay ng mga kaaway.
 - f. Pamagat: Ang Kagandahan ni Laura
Kaisipan: Sinuman ay mahahalina
Sa kagandahang taglay ni Laura.
 - g. Pamagat: Ang Pabaon ni Laura
Kaisipan: Ang Pabaong luha ng dalaga ay tanda ng pagsinta.

Subukin

Handa ka na bang sagutin ang mga tanong sa ibaba?

1. Basahin ang mga saknong at sagutin ang mga tanong:

220 “Dito na nahubdan ang kababayan ko ng hiram na bait na binalatkayo kahinhinang asal na pakitang-tao nakilalang hindi bukal kay Adolfo”

- a. Sinong kababayan ni Florante ang tinutukoy rito?
- b. Anong klaseng asal ang kanyang ipinakita?
- c. Ibigay ang pamagat ng sub-kwentong pinagkunan ng sagnong.
- d. Anong kaisipan ang ibinibigay ng sagnong?
- e. Anong uri ng kaisipan ito?

247 “Datapwa’t huwag kang magpapahalata
tarok mo ang lihim ng kaniyang nasa
ang sasandatahi’y lihim na ihanda,
nang may ipagtanggol sa araw ng digma.”

- a. Sino ang nagbigay ng tagubilin?
- b. Sino naman ang tinagubilinan?
- c. Ibigay ang pamagat ng sub-kwentong pinagkunan ng sagnong.
- d. Anong kaisipan ang inibibigay ng sagnong?
- e. Anong uri ng kaisipan ito?

271 “Iyong kautangang paraang mag-adya,
nuno mo ang hari sa bayang Krotona
dugo kang mataas at dapat kumita,
ng sariling dangal at bunyi sa gera.”

- a. Sino ang nuno o lolo ni Florante?
- b. Nasa anong kalagayang ang kaharian ng Krotona?
- c. Ibigay ang pamagat ng sub-kwentong pinagkunan ng sagnong.
- d. Anong kaisipan ang inibibigay ng sagnong?
- e. Anong uri ng kaisipan ito?

295 “Ngunit kung ang oo’y di man binitawan,
naliwanagan din sintang nadirimlan,
at sa pagpanaw ko ay pinabaunan,
ng may hiyang perlas na sa mata’y nunukal.”

- a. Sinagot ba ni Laura ng oo si Florante?
- b. Ano ang pabaon ng dalaga kay Florante?
- c. Ibigay ang pamagat ng sub-kwentong pinagkunan ng sagnong.
- d. Anong kaisipan ang inibibigay ng sagnong?
- e. Anong uri ng kaisipan ito?

Paunlarin

Basahin ang mga saknong at ibigay ang kaisipang isinasaad. Tukuyin din kung anong uri ng kaisipan ito.

- 215** “Araw ay natakbo at ang kabataan
sa pag-aaral ko sa aki’y nananaw,
bait ko’y luminis at sa karunungan,
ang hubad kong isip ay kusang dinamtan.”
- 239** “Sa panahong yao’y ang buo kong damdam
ay nanaw sa akin ang sandaigdigan;
nag-iisa ako sa gitna ng lumbay,
ang kinakabaka’y sarili kong buhay.”
- 248** “Sa winikang ito luha’y bumalisbis,
at ako’y niyakap na pinakahigpit,
huling tagubilin, bunso’y katitiis
at hinihintay ka ng maraming sakit.”

Mga sagot:

- 220 a. si Adolfo
b. pakitang-tao
c. Nabistong Pagkukunwari
d. Pagkukunwari’y mabibisto
pagkat ito’y pakitang tao
e. panlipunan
- 247 a. ang Maestro
b. si Florante
c. Ang Mga Tagubilin ng Maestro
d. Sa kalaban ay huwag ipahalata
ang lihim na paghahanda
e. panlipunan
- 271 a. ang Hari ng Krotona
b. nasa panganib
c. Nasa Panganib ang Bayang Krotona
d. Kaharian ng ninuno’y dapat tulungan
kung nasa kamay ng mga kaaway.
e. pampamahalaan
- 295 a. hindi
b. luha

- c. Ang Pabaon ni Laura
- d. Ang pabaong luha ng dalaga
ay tanda ng pagsinta
- e. panlipunan

Sub-Aralin 2

Mga Paraan ng Pagsasalaysay

Layunin

Pagkatapos mo ng sub-araling ito, ikaw ay inaasahang nakapagsusuri ng paraan ng pagsasalaysay na ginagamit ng may-akda:

- 1. tuwirang pagsasalaysay
- 2. monolog
- 3. dayalog

Alamin

Narito ang iba't ibang paraan ng pagsasalaysay na ginamit ng may-akda:

- 1. Tuwirang Pagsasalaysay ng may-akda. Sa paraang ito, tuwirang ikinukwento ni Balagtas ang mga pangyayari. Bakit si Balagtas ang nagkukwento? Tama, dahil si Balagtas ang may-akda.

Ang magandang halimbawa nito ay ang mga sакnong 1-12. Sa mga sакnong na ito sinimulan ni Balagtas ang kanyang pagsasalaysay tungkol sa akda niyang Florante at Laura.

Narito ang ilang piling sакnong mula sa mga sакnong 1-12.

- 1 Sa isang madilim, gubat na mapanglaw
dawag na matinik ay walang pagitan,
halos naghihirap ang kay Pebong silang,
dumalaw sa loob na lubhang mapanglaw.
- 2 Malalaking kahoy ang inihahandog,
pawang dalamhati, kahapisa't lungkot
huni pa ng ibon ay nakalulunon,
sa lalong matimpi't nagsasayang loob.
- 7 Ito'y gubat manding sa pinto'y malapit
Abernong Reyno ni Plutong masungit,
ang nasasakupang lupa'y dinidilig
ng Ilog Kositong kamandag ang tubig.

- 8 Sa may gitna nitong mapanglaw na gubat
may punong higerang daho'y kulay pupas;
dito nakagapos ang kahabag-habag,
isang pinag-usig ng masamang loob.
- 9 Makinis ang balat at anaki'y burok,
pilik-mata't kilay, mistulang balantok,
bagong samong ginto ang kulay ng buhok,
sangkap ng katawa'y pawing magkaayos

2. Monolog- Ang monolog ay mahabang pananalita ng isang tauhan. Alam mo ba kung sa anong salita ito ibinase? Ibinase pala ang salitang monolog sa salitang-ugat sa Ingles na mono na nangangahulugang one. Kaya pag sinabing monolog, ilang tauhan lamang ang nagsasalita? Tama, isang tauhan lamang. Ang kanyang eksaktong sinabi ay ikinulukong sa panipi (“ ”).

May dalawang pamamaraan ng monolog: ang tauhan ay parang nagsasalita sa kanyang sarili at ang tauhan ay nagsasalita sa isa o higit pang tauhan. Sa unang uri, kanino nga parang nagsasalita ang tauhan? Oo, sa kanyang sarili nga siya parang nagsasalita.

Bakit ganoon? Kasi, nag-iisa lamang siya at wala ni sinumang tauhan siyang kasama. Pero ang pananalita niya at iniisip ay hindi para sa sarili lamang. Ipinaaalam ito sa mga bumabasa.

Narito ang halimbawa ng monolog na ang tauhan ay parang nagsasalita sa kanyang sarili. Hinango ang mga piling saknong na ito sa gawing unahan ng unang bahagi ng akda.

- 14 “Sa loob at labas ng bayan kong sawi,
kaliluha'y siyang nagyayaring hari,
kagalinga't bait ay nalulugami,
ininis sa hukay ng dusa't pighati.”
- 15 “Ang magandang asal ay ipinupukol
sa laot ng dagat ng kutya't linggatong,
baling magagaling ay ibinabaon,
at inililibing na walang kabaong.”
- 16 “Nguni, ay ang lilo't masasamang loob,
sa trono ng puri ay iniluluklok
at sa baling sukab na may asal hayop,
mabangong insenso ang isinusuob.”

Matapos mong basahin ang halimbawa, siguro’y nalaman mo kung ilan ang tauhang nagsasalita.

Ilan nga ba ang tauhang nagsasalita? Ang sagot mo ba’y isa? Kung ang sagot mo’y isa, tama ka.

Sino namang tauhan ang nagsasalita? Si Florante ba ang sagot mo? Kung gayon, tama ulit ang sagot mo. Okey ka kung oo.

Noong nagsasalita si Florante, nasaan ba siya? Oo, nasa gubat siya. May kasama ba siya sa gubat nang oras na iyon? Tama, wala nga siyang kasama.

Para malaman ang eksaktong sinabi niya, anong bantas ang ginamit? Tama, panipi nga.

Sa ikalawang pamamaraan ng monolog, kanino naman nagsasalita ang tauhan? Tama, sa isa o higit pang tauhan at hindi sa kanyang sarili. May partikular na tauhan o mga tauhan siyang kaharap. Narito naman ang halimbawa. Hinango ang mga piling saknong sa ito sa sub-kwentong Ang Pag-aaral sa Atenas. Sa buong sub-kwento ay isa lang ang nagsasalita mula sa saknong 205- 219.

205 “Pag-aral sa akin ay ipinatungkol
sa isang mabait mastrong marunong,
Lahi ni Pilato ngala’y si Antenor,
Lumbay ko’y sabihin nang dumating doon

206 “May sambuwan halos na di makakain,
luha sa mata ko’y di mapigil-pigil,
nguni’t napayapa sa laging pag-aliw
ng bunying mastrong may kupkop sa akin.

207 “Sa dinatnan doong madlang pag-aaral
kaparis kong bata’t kabaguntauhan,
isa’y si Adolfong aking kababayan,
anak niyong Konde Silenong marangal.”

Naaalala mo pa kaya kung sino ang nagsasalita? Tama, si Florante nga.

Sino ang kausap niya? Kay Aladin nga siya nakikipag-usap. Kung gayon, may partikular na tauhang kaharap si Florante, di ba? Pero ang kaharap niya ay hindi nagsasalita minsan man. Ang mga pananalitang ginamitan ng panipi ay pawang sinalita ni Florante.

3. Dayalog – Ang dayalog ay usapan o kombersasyon ng dalawa o higit pang tauhan sa akda. Ginagamitan din ito ng panipi o quotation marks (“ ”) para ipakita ang eksaktong sinabi ng nagsalita.

Basahin mo ang halimbawang ito ng dayalog nina Florante at Aladin buhat sa sub kwentong Nasa Panganib ang Bayang Krotona.

- 259** “Humihinging tulong at nasa pangamba ang Krotonang reyno’t kubkob ng kabaka, ang puno ng hukbo’y balita sa sigla, Heneral Osmalik na bayaning Pers’ya.”
- 260** “Ayon sa balita’y pangalawa ito ng prinsipe niyang bantog sa sangmundo, Alading kilabot ng mga gerero, Iyong kababayang hinnahangaan ko.
- 261** “Dito’y napangiti ang Morong kausap, sa nagsasalita’y tumugong banayad, aniya’y “bihirang balita’y magtapat magkatotoo may marami ang dagdag.
- 262** “At saka madalas ilala ng tapang ay ang guniguning takot ng kalaban; ang isang gererong palarang magdiwang mababalita na at pangingilagan.”

Sinu-sino nga ulit ang nag-uusap? Tama, sina Florante at Aladin nga.

Sa alin-aling saknong makikita ang mga sinabi ni Florante? Sa mga saknong 259-260, di ba?

Sa alin-aling saknong naman makikita ang mga sinabi ni Aladin? Tama, sa mga saknong 261-262.

Gumamit ba ng mga panipi para ipakita ang eksaktong sinabi ng nagsasalita? Oo ba ang sagot? Kung gayon, tama iyan.

Linangin

Sa bahaging Alamin ay tinalakay ang tatlong paraan ng pagsasalaysay na ginamit ng may-akda. Anu-ano nga ulit ang mga ito? Ito’y (1)tuwirang pagsasalaysay ng may-akda, (2) monolog, at (3)dayalog, di ba?

Sa unang paraan, ang tuwirang pagsasalaysay ng may-akda, sino ang nagsasalaysay? Siyempre ang may-akda, di ba? Kanino naman siya tuwirang magkukwento? Tama, sa ating mga mambabasa.

Sa halimbawang ginamit na ilang saknong mula sa mga saknong 1-12, natatandaan mo pa kaya ang mga isinalaysay ni Balagtas? Ganito ba ang mga natatandaan mo?

- may isang madilim at mapanglaw na gubat
- malapit ang gubat sa Aberno na pinamumunuan ni Pluto
- may malaking punong higera sa gitna ng gubat
- may malaking punong higera sa gitna ng gubat
- may lalaking nakagapos sa punong higera

Ano bang bahagi ng akda ang mga saknong 1-12? Tama, panimulang bahagi nga. Sapagkat panimulang bahagi ito, hindi katakatakang si Balagtas muna ang nagssalaysay o nagkukwento. Sa ganitong bahagi kasi karaniwang binabanggit ang tagpuan gaya ng pagkakabanggit sa mapanglaw na gubat. Dito rin nagsisimulang magpakilala ang may-akda ng kanyang tauhan sa akda gaya ng binabanggit sa saknong 8.

Siguro may nabasa ka na ring iba pang mahahabang tulang pasalaysay. Napansin mo bang sa bandang simula ay ang may-akda ang nagsasalaysay?

Ang tuwirang pagsasalaysay ba ng may-akda ay sa dakong unahan lamang ginagamit ng may-akda? Hindi. Maari ring gamitin ito ng may-akda kahit sa gitna o sa huling bahagi ng akda.

Basahin mo ang ilang halimbawang saknong na ito na halos nasa gitnang bahagi na ng akda. Dito’y isinalaysay ni Balagtas na hindi na nakatiis ang gererong Moro sa taghoy na narinig kaya hinanap niya ang pinanggagalingan ng tinig. Nailigtas niya sa dalawang leon ang lalaking nakagapos.

126 “Sa tinaghuy-taghoy na kasindak-sindak,
gerero’y hindi na napigil ang habag,
tinutunton ang boses at siyang hinanap,
patalim ang siyang nagbukas ng landas.

127 “Dawag na masinsi’y naglagi-lagitik
sa dagok ng lubhang matalas na kalis,
Moro’y di tumugot hanggang di nasapit
Ang binubukalan ng maraming tangis.”

134 “Inusig ng taga ang dalawang leon
si Apolo mandin sa serpyente Piton,
walang bigong kilos na di nababaon
ang lubhang bayaning tabak na pamutol.”

Tinalakay rin sa bahaging **Alamin** ang monolog bilang paraan ng pagsasalaysay.

Ilan nga bang tauhan ang nagsasalita sa monolog? Isa ba ang sagot mo? Tama iyan. May ilan bang pamamaraan ng monolog? Tama, ulit ang sagot mo. May dalawang pamamaraan nga.

Balikan natin ang halimbawa ng unang pamamaraan. Ito’y ang mga saknong 14-18. Sa mga saknong na ito ay mag-isang nagsasalita si Florante.

Nasaan ba siya nang oras na iyon? Tama, siya’y nasa gitna ng gubat. Di ba’t ito ang sinabi ni Balagtas sa saknong 8?

Anu-ano ang isinasalaysay ni Florante? Isa-isahin natin.

- Sa loob at labas ng Albanya ay kasamaan ang nagaganap.
- Ang kabutihang asal ay hindi pinahahalagahan.
- Ang kasamaan ang siyang pinupuri.
- Ang nagsasabi ng katotohanan ay pinarurusahan ng kamatayan.

Parang kanino niya sinasabi ang kanyang mga isinalaysay? Parang sa kanyang sarili, di ba? Pero ang layunin ng pananalita ay para mabatid ng mga mambabasa, di ba?

Sa ikalawang pamamaraan ng monolog, ilan din ang nagsasalita? Tama, isa rin lamang ang nagsasalita.

Di ba’t sa pamamaraang ito, ang nagsasalita ay may kaharap?

Sino ang kaharap niya? Kaharap niya ang isa o higit pang tauhan sa akda.

Sa bahaging **Alamin** ay ginamit na halimbawa sa ikalawang pamamaraan ng monolog ang ilang saknong buhat sa sub-kwentong Ang Pag-aaral sa Atenas.

Sino ang mag-isang nagsasalaysay sa mga saknong? Si Florante, di ba?

Sinong partikular na tauhan ang kaharap niya? Kung si Aladin ang sagot mo, tama iyon.

Isa-isahin nga natin ang mga isinalaysay ni Florante kay Aladin kaugnay ng pag-aaral sa Atenas batay sa ilang piling saknong.

- Ang naging guro niya ay si Antenor.
- Kaeskwela niya ang kanyang kababatang si Adolfo.
- Nagpapakita ng kabaitan si Adolfo.

Ayon sa talakay sa bahaging **Alamin**, ilang tauhan nga ang sangkot sa isang dayalog? Dalawa o higit pang tauhan, di ba?

Kung babalikan natin ang halimbawang dayalog buhat sa sub-kwentong Nasa Panganib ang Krotona, sinu-sino ang mga tauhang nag-uusap?

Tama ang sagot mo, sina Florante at Aladin nga ang nag-uusap.

Isa-isahin nga natin ang mga isinalaysay ni Florante sa mga saknong 259-260.

- Humihingi ng tulong ang kahariang Krotona pagkat nasa panganib sila.
- Sakop ni Heneral Osmalik ng Persya ang kahariang Krotona.
- Pangalawa si Heneral Osmalik kay Aladin na hinahangaan ni Florante.
- Ayon sa balita'y kilabot sa buong mundo si Aladin.

Isa-isahin naman natin ang mga isinagot ni Aladin.

- Bihirang magkatotoo ang mga balita pagkat madalas ay may dagdag na ito.
- Lumalala ang tapang kapag inisip na takot ang kalaban.
- Ang kanyang kapalaran ay kapareho rin ng kapalaran ni Florante.

Napansin mo ba ang pagkakagamit ng panipi? Di ba ginagamit ito para ipakita ang eksaktong sinabi ng nagsalita?

Saang saknong at taludtod nagsimula ang mga sinabi ni Florante? Tama, nagsimula sa saknong 259, taludtod 1.

Saan naman ito natapos? Tama ulit, sa saknong 260, taludtod 4.

Saang saknong at taludtod naman nagsimula ang mga sinabi ni Aladin?

Ang sagot mo ba'y saknong 261, taludtod 3 pagkatapos ng salitang aniya'y? Tama iyan.

Saan naman ito natapos? Pareho tayo ng sagot, saknong 263, taludtod 4.

Gamitin

Ngayon, tingnan nga natin kung mailalapat mo na ang iyong mga natutuhan. Basahin ang ilang halimbawa ng pagsasalaysay at sagutin ang mga tanong.

1. “Ang ibig ko sana, Nanay, ika’y aking pasayahin
at huwag makikitang ika’y nalulungkot mandin!
O! Ina ko! Ano po ba at naisipang hatiin
Ang lahat ng munting yamang maiiwan mo sa amin?”

“Wala naman!” yaong sago’t, baka ako ay tawagin
ni Bathala, mabuti nang malaman mo ang habilin!
Iyang p’yano, itong silya’t aparador ay alaming
Pamana ko na sa inyo, mga bunsong ginigiliw...!”

“Pamana”
ni Jose Corazon De Jesus

- a. Ilang tauhan ang nag-uusap sa tula?
 - b. Sinong tauhan ang unang nagsalita?
 - c. Sinong tauhan naman ang sumagot?
 - d. Anong bantas ang ginamit para ipakita ang eksaktong sinabi ng nagsalita?
 - e. Anong paraan ng pagsasalaysay ang ginamit? Ito ba’y dayalog, monolog, o tuwirang pagsasalaysay ng may-akda?
2. Ang halimbawang ito ay kinuha sa dakong unang bahagi ng akdang Florante at Laura.
 - 86 Inabutan niya ang ganitong hibik:
“ay mapagkandiling amang iniibig!
Bakit ang buhay mo’y naunang napatid
ako’y inulila sa gitna ng sakit?”
 - 87 “Kung sa gunita ko’y pagkuru-kuruin,
ang pagkahulog mo sa kamay ng taksil,
parang nakikita ang iyong narating,
parusang marahas na kalagim-lagim.
 - 88 “At alin ang hirap na di ikakapit
sa iyo ng Konde Adolfong malupit?
ikaw ang salamin sa reyno ng bait,
pagbubuntunan ka ng malaking galit.

89 “Katawan mo ama’y parang namamalas ngayon ng bunso mong lugami sa hirap pinipisang-pisang at iwinawawalat, ng para ring lilo’t berdugo ng sukab.

90 “Ang nagkahiwaly na laman mo’t buto, kamay at katawang nalayo sa ulo ipinaghagisan niyong mga lilo at walang maawang maglibing na tao?”

Sino ang nagsasalaysay sa saknong 86, taludtod 1? Ang may-akda ang nagsasalaysay, di ba? Sinabi niyang may dumating at inabutan niyang may humihibik.

Sino sa palagay mo ang dumating? Tama, si Aladin nga!

Tingnan nga natin kung masasagot mo ang ilan pang tanong na ito:

- a. Sino ang humihibik?
- b. Sinong ama ang kanyang tinutukoy?
- c. Ano ang nangyari sa kanyang ama ayon sa saknong 86, taludtod 3?
- d. Sino ang taksil na tinutukoy sa saknong 87, taludtod 2?
- e. Ang humihibik ay mag-isang nagsasalita sa gitna ng gubat? Paraang nakikipag-usap sa sarili. Anong paraan ng pagsasalaysay ito? Dayalog, monolog o tuwirang pagsasalaysay ng may-akda ba ito?

3. Ang mga saknong ay galing sa sub-kwentong Ang Pagkamatay ni Ina.

232 “Naging santaon pa ako sa Atenas,
hinintay ang loob ng ama kong liyag,
sa aba ko’t noo’y tumanggap ng sulat
na ang balang letra’y iwang may kamandag!

233 “Gunamgunam na di napagod humapis,
di ka naianod ng luhang mabilis,
iyong ginugulo ang bait ko’t isip
at di mo payagang payapa ang dibdib

234 “Kamandag kang lagak niyong kamatayan
sa sintang ina ko’y di nagpakundangan
sinasariwa mo ang sugat na lalang
ng aking tinanggap ang palasong liham!

- 235 “Tutulungan kita ngayong magpalala ng hapdi sa pusong di ko maapula; namatay si ina, ay laking dalita, ito sa buhay ko ang unang umiwa.
- 236 “Patay na dinampot sa aking pagbasa niyong letrang titik ng bikig na pluma, diyata, ama ko, at nakasulat ka ng pamatid-buhay sa anak na sinta?”

Natatandaan mo pa siguro ang sub-kwentong Ang Pagkamatay ni Ina. Tingnan din natin kung masasagot mo ang mga tanong para sa ilang piling sagnong na binasa mo.

- a. Sino ang mag-isang tauhang nagsalaysay?
- b. May kaharap siyang tauhan habang nagsasalaysay, sino ito?
- c. Ayon sa sagnong 232, ano ang tinanggap niya galing sa ama?
- d. Ano ang nilalaman ng sulat?
- e. Ano ang naramdaman niya matapos basahin ang sulat?
- f. Sapagkat mag-isang nagsasalita o nagsasalaysay ang tauhan, anong paraan ng pagsasalaysay ito?

4. Ang halimbawang ito ay kinuha sa dakong unang bahagi ng akdang Ibong Adarna.

- 7 Noong unang araw,
sang-ayon sa kasaysayan,
sa Berbanyang kaharian
ay may Haring hinangaan.
- 8 Sa kanyang pamamahala
kaharia’y nanagana,
maginoo man o dukha
tumanggap ng wastong pala.
- 11 Pangalan ng Haring ito
ay mabunying Don Fernando,
sa iba mang mga reyno’y
tinitingnang maginoo.
- 12 Kabiya ng puso niyat
ay si Donya Valeriana,
ganda’y walang pangalawa’t
sa bait ay uliran pa.

13 Sila ay may tatlong anak,
tatlong bunga ng pagliyang
binata na't magigilas
sa reyno ay siyang lakas.

- a. Sino ang nagsasalaysay?
- b. May dayalog bang makikita sa halimbawa?
- c. Ang paraan ba ng pagsasalaysay na ginamit ay dayalog, monolog o tuwirang pagsasalaysay ng may-akda?

Ganito ba ang mga sagot mo?

1.
 - a. dalawang tauhan
 - b. anak
 - c. Nanay
 - d. Panipi (““)
 - e. Dayalog
2.
 - a. Si Florante
 - b. si Duke Briseo
 - c. namatay
 - d. si Adolfo
 - e. monolog
3.
 - a. Si Florante
 - b. si Aladin
 - c. sulat
 - d. tungkol sa pagkamatay ng ina
 - e. kalungkutan
 - f. monolog
4.
 - a. Ang may-akda
 - b. wala
 - c. tuwirang pagsasalaysay ng may-akda

Lagumin

Sa palagay mo kaya malinaw na sa iyo ang mga paraan ng pagsasalaysay sa ginamit na akda?
Para luminaw pang lalo, narito ang mga mahahalagang kaalamang inilahad sa sub-araling ito.

1. Anu-ano ang tatlong paraan ng pagsasalaysay na ginamit ng may-akda?
 - dayalog
 - monolog

- tuwirang pagsasalaysay ng may-akda
2. Sa isang dayalog, ilang tauhan ang inaasahang nag-uusap?
 - dalawa o higit pang tauhan
 3. Bakit gumagamit ng panipi (“ ”) sa dayalog?
 - Para ipakita ang eksaktong sinabi ng nagsalita
 4. Anu-ano ang kahalagahan ng dayalog bilang paraan ng pagsasalaysay?
 - pinasisigla ang pagsulong ng mga pangyayari
 - pinatitindi ang mga damdaming inihahatid
 - pinalilinaw ang mga kaisipang taglay ng akda
 5. Sa isang monolog, ilang tauhan ang nagsasalita?
 - isang tauhan lamang
 6. Ano ang katangian ng isang monolog?
 - ito’y mahabang pananalita
 7. Anu-ano ang dalawang pamamaraan ng monolog?
 - ang tauhan ay nagsasalita sa kanyang sarili
 - ang tauhan ay nagsasalita nang malakas sa isa o higit pang tauhan
 8. Bakit walang monolog ng tauhan o dayalog ng mga tauhan sa tuwirang pagsasalaysay ng may-akda?
 - sapagkat ang may-akda na lamang ang mag-isang naglalarawan ng tauhan, nagkukwento ng mga pangyayari o naglalahad ng mga kaisipan

Subukin

Basahin ang mga halimbawa ng pagsasalaysay at sagutin ang mga tanong.

1. Ang ilang halimbawang saknong ay kinuha sa dakong huling bahagi ng akda.

395 Dinala sa reynong ipinagdiriwang
sampu ni Aladi’t ni Fleridang hirang
kapuwa tumanggap na mangabinyagan
magkakasing sinta’y naraos makasal.

396 Namatay ang bunying Sultang Alil-Adab,
muwi si Aladin sa Pers’yang s’yudad,
ang Duke Florante sa trono’y naakyat,
sa siping ni Laurang minumutyang liyang.

397 Sa pamamahala nitong bagong hari
sa kapayapaan ang reyno'y nauli
dito nakabangon ang nalulugami
at napasa-tuwa ang napipighati.

- a. Sino ang nagsasalaysay?
- b. May dayalog o usapan bang makikita sa halimbawa?
- c. Anong paraan ba ang pagsasalaysay ang ginamit? Ito ba'y dayalog, monolog, o tuwirang pagsasalaysay ng may-akda?

2. Ang ilang haimbawang saknong ay galing sa unang bahagi ng akda

27 “At dito sa laot ng dusa't hinagpis,
malawak na lubhang saking tinatawid,
gunita ni Laura sa naabang ibig,
siya ko na lamang ligaya sa dibdib.

28 “Munting gunamgunam ng sinta ko't mutya
nang dahil sa aki'y dakila kong tuwa,
higit sa malaking hirap at dalita
parusa ng taong lilo't walang awa.

29 “Sa pagkagapos ko'y kung gunigunihin
malamig nang bnagkay akong nahihimbing
at tinatangisan ng sula ko't giliw,
ang pagkabuhay ko'y walang hangga mandin.

30 “Kung apuhapin ko sa sariling isip,
ang suyuan namin ng pili kong ibig,
ang pagluha niya kung ako'y may hapis,
nagiging ligaya yaring madlang sakit.

31 “Ngunit ang aba ko! Sawing kapalaran!
ano pang halaga ng gayong suyuan,
kung ang sing-ibig ko'y sa katahimikan
ay humihilig na sa ibang kandungan?”

- a. Sinong mag-isang tauhan ang nagsasalita sa mga saknong?
- b. Ayon sa saknong 28, siya ay naggugunamgunam at ayon sa saknong 29, siya'y nagguguniguni. Kung gayon, kanino siya parang nakikipag-usap?
- c. Anong paraan ng pagsasalaysay ang ginamit? Ito ba'y monolog, dayalog o tuwirang pagsasalaysay ng may-akda?

3. Ang ilang halimbawang saknong ay galing sa sub-kwentong Ang Pabaon ni Laura

293 “Ipinahayag ko ng wikang mairog,
ng buntong-hininga, luha at himutok
ang matinding sintang ikinalulugod
magpahangga ngayon ng buhay kong kapos

294 “Ang pusong matibay ng himalang dikit
nahambal sa aking malumbay na hibik
dangan ang kanyang katutubong bait
ay humadlang, disin sinta ko’y nabihis

295 “Ngunit kung ang oo’y di man binitiwang,
naliwanagan din sintang nadirimlan,
at sa pagpanaw ko ay pinabaunan
ng may hiyang perlas na sa mata’y nukal

296 “Dumating ang bukas ng aking pag-alis,
sino ang sasayod ng bumugsong sakit?
dini sa puso ko’y alin ang hinagpis
na hindi nagtamo ng kaniyang kalis?”

297 “May sakit pa kayang lalalo ng tindi
sa ang sumisinta’y nawalay sa kasi?
Guniguni lamang di na mangyayari
sukat ikalugmok ng pusong bayani.”

- a. Sinong mag-isang tauhan ang nagsasalita sa mga saknong?
- b. Dito ay may partikular na tauhan siyang kaharap, sino ito?
- c. Anong paraan ng pagsasalaysay ang ginamit? Ito ba’y monolog, dayalog, o tuwirang pagsasalaysay ng may-akda?

Ganito ba ang mga sagot mo?

1. a. ang may-akda
b. wala
c. tuwirang pagsasalaysay ng may-akda
2. a. si Florante
b. sa kanyang sarili
c. monolog
3. a. si Florante
b. si Aladin
c. monolog

Paunlarin

Narito ang ilan pang halimbawa ng iba't ibang paraan ng pagsasalaysay.

1. Ang ilang halimbawang saknong ay buhat sa ikaapat na bahagi ng akda.

345 “Bilang makalawang maligid si Pebo
ang sandaigdigan sa pagkagapos ko;
nang inaakalang nasa ibang mundo,
imulat ang mata't nasa kandungan mo.

346 “Ito ang buhay kong silu-silong sakit
at hindi matanto ang huling sasapit...”
mahabang salita ay dito napatid,
ang gerero naman ang siyang nagsulit.

347 “Ang pagkabuhay mo'y yamang natalastas
tantuin mo naman ngayon ang kausap;
ako ang Aladin sa Pers'yang s'yudad
anak ng balitang sultang Ali-Adab.

348 “Sa pagbatis niring mapait na luha
ang pagkabuhay ko'y sukat mahalata...
Ay ama ko! Bakit? Ay Fleridang tuwa!
katoto'y bayaang ako'y mapayapa.”

- a. Ayon sa saknong 345, binabanggit ng nagsasalita ang minsan niyang pagkagapos. Sino kung gayon ang nagssalita sa saknong 345-346, taludtod 1-2?
- b. Sino ang kausap na tauhang binabanggit sa saknong 347, taludtod 3?
- c. Ilang tauhan ang nag-uusap sa mga halimbawang saknong?
- d. Ayon sa saknong 346, taludtod 1-2 ay ikinukwento ng unang nagssalita ang kanyang buhay. Ano naman ang gusto ring ikwento ng kanyang kausap ayon sa saknong 347, taludtod 1-2?
- e. Anong paraan ng pagsasalaysay ang ginamit? Ito ba'y monolog, dayalog, o tuwirang pagsasalaysay?

2. Ang ilang halimbawang saknong ay buhat sa sub-kwentong may pamagat na Ang Panaghoy ng Gerero. Ang sub-kwentong ito ay kasama sa ikalawang bahagi ng akda.

100 “Sa sintang inagaw ang itinatangis
dahilan ng aking luhang nagbabatis;
yao'y nananaghoy dahil sa pag-ibig,
sa amang namatay na mapagtangkilik.

- 101 “Kung ang walang patid na ibinabaha ng mga mata ko’y sa hinayang mula, sa mga palayaw ni ama’t aruga, malaking palad ko’t matamis na luha.”
- 102 “Ngunit ang nanahang maralitan tubig sa mukha’t dibdib ko’y lagging dumidilig, kay ama nga galling datapawa’t sa bangis, hindi sa andukha at pagtatangkilik.
- 103 “Ang matatawag kong palayaw sa akin ng ama ko’y itong ako’y pagliluhin, agawan ng sinta’t panasa-nasaing lumubog sa dusa’t buhay mo’y makitil.”

- a. Sinong mag-isang tauhan ang nagsasalita sa mga saknong?
- b. Nag-iisa siyang nananaghoy nang oras na iyon. Kung gayon, kanino siya parang nakikipag-usap?
- c. Ano ang kanyang ipinananaghoy nang mga oras na iyon?
- d. Anong paraan ng pagsasalaysay ang ginamit? Ito ba’y monolog, dayalog, o tuwirang pagsasalaysay ng may akda?

Ganito ba ang sagot mo?

1.
 - a. si Florante
 - b. si Aladin
 - c. dalawa
 - d. ang kanya ring buhay
 - e. dayalog
2.
 - a. si Aladin
 - b. sa kanyang sarili
 - c. inagaw ang kanyang kasintahan
 - d. monolog



Gaano ka na kahusay?

Matapos mong pag-aralan ang modyul, handa ka na siguro sa pangwakas na pagsubok.

Tandaan: Hindi mo susulatan ang modyul na ito. Isusulat mo ang sagot sa sagutang papel.

A. Basahin ang bawat saknong at piliin ang kaisipang angkop dito. Makatutulong ang pamagat sa pagpili ng angkop na kaisipan. Letra lamang ng tamang sagot ang isusulat mo sa sagutang papel.

1. Pamagat: Ang Pag-aaral sa Atenas

215 “Araw ay natakbo ang ang kabataan
sa pag-aaral ko sa aki’y nananaw
bait ko’y luminis at sa karunungan,
ang hubad kong isip ay kusang dinamtan.”

- a. Ang talino ay hinuhubog ng pag-aaral.
- b. Maaring tumalino kahit hindi nag-aaral.
- c. Hindi mahalaga sa buhay ang pag-aaral.

2. Pamagat: Nabistong Pagkukunwari

221 “Dito na nahubdan ang kababayan ko
ng hiram na bait na binalatkayo
kahinhinang asal na pakitang-tao
nakilalang hindi bukal kay Adolfo.”

- a. Pwedeng magbalatkayo basta’t hindi nabibisto.
- b. Ang pagkukunwari’y kailangan para dumami ang kaibigan.
- c. Pagkukunwari’y mabibisto pagka’t ito’y pakitang-tao.

3. Pamagat: Ang Pagkamatay ni Ina

a. “Sa panahong yao’y buo kong damdam
ay nanaw sa akin ang sandaigdigan;
nag-iisa ako sa gitna ng lumbay
ang kinabukasa’y sarili kong buhay.”

- a. Malungkot ang buhay kapag malayo ang kasintahan.
- b. Hatid ay kalungkutan kapag ina ay pumanaw.
- c. Iwasang malungkot kapag may namatay.

4. Pamagat: Ang Tagubilin ng Maestro

- a. “Kung ang isalubong sa iyong pagdating,
ay masayang mukha’t may pakitang giliw,
lalong pag-ingata’t kaaway na lihim,
siyang isaisip na kakabakahin.”
- a. Dapat pag-ingatan ang pakitang giliw ng kaaway.
b. Huwag na lang pansinin ang pakitang giliw ng kaaway.
c. Magulo ang buhay kapag may kaaway.

5. Pamagat: Nasa Panganib ang Bayang Krotona

- a. “Iyong kautangang paroong mag-dya,
nuno mo ang hari sa baying Krotona
dugo kang mataas at dapat kumita
ng sariling dangal at bunyi sa gera.”
- a. Dapat ay sariling tauhan ang makipaglaban sa mga kaaway.
b. Kaharian ng ninuno’y dapat tulungan kung nasa kamay ng mga kaaway.
c. Nakatutulong sa kaharian ang pananakop ng kaaway.

6. Pamagat: Ang Kagandahan ni Laura

279 “Sa kaligayaha’y ang nakakaayos-
bulaklak na bagong wianhi ng hamog;
anupa’t sinumang palarang manood,
patay o himala kung hindi umirog.”

- a. Maraming nanliligaw kay Laura dahil sa kagandahang taglay niya.
b. Isang himala kung kay Laura’y may hahanga.
c. Sinuma’y mahahalina sa kagandahang taglay ni Laura.

7. Pamagat: Ang Pabaon ni Laura

296 “Ngunit kung ang oo’y di man binitiwang,
naliwanagan din sintang nadirimlan,,
at sa pagpanaw ko ay pinabaunan
ng may hiyang perlas na sa mata’y nukal.”

- a. Wala pa sa puso’t isip ni Laura ang pag-ibig.
b. Ang baon ay mahalaga kung sa malayo pupunta.
c. Ang pabaong luha ng dalaga ay tanda ng pagsinta.

- B. Narito ang ilang piling kaisipan buhat sa akda. Tukuyin ang bawat isa kung ito’y
(a)pampamilya, (b) panlipunan, (c) pampamahalaan.

1. Kapag maganda ang pagpapalaki ng ama,
lumalaki ring matino ang anak niya.
2. Ang gurong mabait at marunong,
sa mga estudyante ay handing tumulong.
3. Pagkukunwari'y nabibisto,
pagkat ito'y pakitang tao.
4. Nagbubunga ng masama,
ang inggit sa kapuwa.
5. Hatid ay kalungkutan,
kapag ang ina ay pumanaw.
6. Tapat ang pakikiramay,
sa estudyanteng may mabuting asal.
7. Dapat pag-ingatan,
ang pakitang giliw ng kaaway.
8. Sa kalaban ay huwag ipahalata,
Ang lihim na paghahanda.
9. Mabuting ugali'y kinalulugdan,
ng guro at mga kamag-aral.
10. Nang makita ang kanyang ama,
pagkamatay ng ina'y naalala.
11. Kaharian ng ninuno'y dapat tulungan
kung nasa kamay ng mga kaaway.
12. Balita'y bihirang magkatotoo
pagkat madalas ay may dagdag ito.
13. Sa panaginip ni Haring Linceo,
si Florante ang mamumuno sa kanyang reyno.
14. Sinuman ay mahahalina,
sa kagandahang taglay ni Laura.
15. Ang pabaong luha ng dalaga,
ay tanda ng pagsinta.

C. Isulat sa sagutang papel ang tamang salita sa patlang. Piliin ang sagot sa mga salitang nasa loob ng parenthesis.

1. Sa isang dayalog, ang bilang ng tauhang nag-uusap ay _____
(isa, dalawa o higit pa, wala)
2. Para ipakita ang eksaktong sinabi ng nagsasalita, gumagamit ng _____
(“ ” , ! , ?).
3. Ang dayalog ay nakatutulong upang _____ (makapagpahinga ang may-akda, humaba ang kuwento, sumigla ang pagsulong ng mga pangyayari).
4. Sa isang monolog, ang bilang ng tauhang nagsasalita ay _____ (isa, dalawa, tatlo).
5. Ang monolog ay pananalitang _____ (maiki, mahaba, matagal).
7. May pamamaraan ng monolog na ang tauhan ay _____ (ayaw magsalita, nagsasalita sa kanyang sarili, nakikinig sa kausap).
7. May pamamaraan ng monolog na ang tauhan ay _____ (nagsasalita sa isa o higit pang tauhan, nakininig sa isa o higit pang tauhan, ayaw magsalita sa isa o higit pang tauhan).
8. Sa tuwirang pagsasalaysay ng may-akda, tuwiran niyang _____ (pinakikinggan, ikinukwento, pinanunood) ang mga pangyayari.